# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Paggamit ng Angkop na Pantukoy

Kakayahan: Nagagamit ang angkop na pantukoy upang mabuo ang pangungusap

Isulat sa patlang ang pantukoy na bubuo sa pangungusap. Gamitin ang mga pantukoy na **si**, **sina**, **ni**, **nina**, **kay**, o **kina**.

1. Pakibigay itong liham __________ G. del Rosario.
2. __________ Isko ay isang mahusay na manlalaro ng basketbol.
3. Nakasabay mo ba sa traysikel __________ Ana at Aileen?
4. Si Joseph ang panganay na anak __________ Gng. Abella.
5. Iginuhit __________ Marie, Adel, at Oliver itong napakagandang larawan.
6. Pakisabi __________ Inay at Ate na magsisimula na ang programang inaaabangan nila sa telebisyon.
7. Kasama kong kumain ng tanghalian sa kantina __________ Tricia.
8. Ipinangako __________ Tito Bert na titigil na siya sa paninigarilyo.
9. Tinuruan ko __________ Eddie at Irene kung paano magtahi gamit ang *sewing machine*.
10. Sumama ka __________ Mateo at Linda dahil alam nila ang daan patungong simbahan.
11. Ang susi ng tindahan ay iniwan ko __________ Manang Auring.
12. Gustong-gusto __________ Lolo at Lola ang iniluto mo para sa kanila.
13. Ibibilin ko __________ Mariel at Jacob na bantayan muna ang mga bata.
14. Inaabangan __________ Tito Ned at Tita Fely ang kanilang mga anak sa harap ng paaralan.
15. __________ Nanay ka magpaalam kung nais mong lumabas sa Sabado.

© 2014 Pia Noche 

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Paggamit ng Angkop na Pantukoy (Mga Sagot)

Kakayahan: Nagagamit ang angkop na pantukoy upang mabuo ang pangungusap

Isulat sa patlang ang pantukoy na bubuo sa pangungusap. Gamitin ang mga pantukoy na **si**, **sina**, **ni**, **nina**, **kay**, o **kina**.

1. Pakibigay itong liham __kay__ G. del Rosario.
2. __Si__ Isko ay isang mahusay na manlalaro ng basketbol.
3. Nakasabay mo ba sa traysikel __sina__ Ana at Aileen?
4. Si Joseph ang panganay na anak __ni__ Gng. Abella.
5. Iginuhit __nina__ Marie, Adel, at Oliver itong napakagandang larawan.
6. Pakisabi __kina__ Inay at Ate na magsisimula na ang programang inaaabangan nila sa telebisyon.
7. Kasama kong kumain ng tanghalian sa kantina __si__ Tricia.
8. Ipinangako __ni__ Tito Bert na titigil na siya sa paninigarilyo.
9. Tinuruan ko __sina__ Eddie at Irene kung paano magtahi gamit ang *sewing machine*.
10. Sumama ka __kina__ Mateo at Linda dahil alam nila ang daan patungong simbahan.
11. Ang susi ng tindahan ay iniwan ko __kay__ Manang Auring.
12. Gustong-gusto __nina__ Lolo at Lola ang iniluto mo para sa kanila.
13. Ibibilin ko __kina__ Mariel at Jacob na bantayan muna ang mga bata.
14. Inaabangan __nina__ Tito Ned at Tita Fely ang kanilang mga anak sa harap ng paaralan.
15. __Kay__ Nanay ka magpaalam kung nais mong lumabas sa Sabado.

© 2014 Pia Noche